**PANAWAGAN SA LAHAT NG RESIDENTE NG SJV6**

Nitong mga nagdaan mga araw, ang ating subdibisyon ay dumanas ng sunod sunod na krimen. Kabilang na dito ang sunod-sunod na pagpatay ng *Riding in Tandem* sa ilang resident ng SJV6 at nitong Miyerkules, April 3, isang babae ang tinutukan ng baril at tangkang hinoldap ng isang lalakeng nakamotor. Upang maiwasan na muling mangyari ang ganitong insidente ay minabuti ng mga lider ng bawat phase ng SJV6 na magkaisa at muling buhayin ang security measure ng ating subdibisyon, partrikular na ang paglalagay ng security guard sa ating mga gate. Upang maipatupad ang security measurure na ito ay kinakailangan ng panimulang pondo kung kaya't naglungsad tayo ng Community Run. Ang lahat ng kikitain ng nasabing fund raising na ito ay ipangtutustos sa rehabilitasyon ng mga gate at guard house at paglalagay ng paunang bantay sa naturang gate. Bukod ditto ang sumusunod ay mga hakbang na gagawin sa mga susunod na araw:

1. Election ng Officers ng Homeowners Association at pagrerehistro nito sa HLURB at BIR upang maging lehitimo ang pamumuno ng mga officers.
2. Pagkakaroon ng Federation of Homeowners Association ng lahat ng Phase ng SJV6 at pagrerehistro nito sa HLURB at BIR.

Ang mga ito po ay hindi madaling gawin, ngunit ang inyong mga liders ay tulong tulong po upang makamit natin ang katahimikan at kaayusan sa ating subdibisyon. Lahat ng nais tumulong ay maaring lumapit sa inyong mga officers. Huwag na po nating hayaang may buhay na naman na mawala at magsunod sunod na naman ang insidente ng panghoholdap dito sa ating subdibisyon. Tumulong po tayo, gawin natin an gating parte. Ito po ay para sa ikabubuti ng buong SJV6. Maraming Salamat po.

# PAALALA SA MGA HOMEOWNERS/RESIDENTE/NANGUNGUPAHAN SA ST. JOSEPH VILLAGE 6

Bilang tugon sa lumalalang isyu ng seguridad sa ating village, ang nagkakaisang pamunuan ng iba't ibang Phase sa ating village ay magpapatupad ng sumusunod:

1. Simula MAY 1, 2019, maari ng kumuha ng VEHICLE STICKER ang mga LEHITIMONG RESIDENTE (Homeowners/Nangungupahan) sa pamunuang ng inyong phase.

2. Simula MAY 15, 2019, ang mga sumusunod at ipapatupad:

   * Pangongelekta ng PhP 50.00 kada buwan para sa Security Fund ng St. Joseph Village 6.

   * Pagtatalaga na ng GUWARDIYA/MARSHALL sa dalawang gates ng ating village

   * Paniningil ng PASSWAY FEE para sa mga sasakyan ng outsiders na nais dumaan sa ating village mula alas 5:00 ng umaga hanggang alas 10:00 ng gabi.

   * Pagbabawal ang pagdaan ng mga outsiders simula 10:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga.

   * Pagpapatupad ng NO HELMET, NO FACE MASK or COVER POLICY, NO OPEN MUFFLER and NO REGISTRATION/NO PLATE, NO ENTRY POLICY sa loob ng VILLAGE.

   * Pagbabawal ng malalaking truck na pumasok at dumaan sa ating village.

Nais din po naming paalalahan ang mga sasakyan na panatilihin ang pagpapatakbo ng maximum speed na __ kph. Ang mga alituntuning ito po ay para seguridad ng ating village, inaasahan po namin ang pakikiisa ng kapwa natin ka-SJV6.

Para sa mga pagbabayad ng security fund, katanungan at suhestiyon, mangyari po lamang na makipag-ugnayan sa mga officers ng inyong Phase.

ST. JOSEPH Village 6